

LIGHT READING

customer newsletter

Nob./Dis. 2007


Maging Handa Sa Kawalan ng Kuryente

Ang pagkawala ng kuryente ay madalas na sanhi ng kondisyon ng panahon at mga puno na humahadlang sa mga linya ng kuryente. Ito ay maaaring mangyari anumang oras, maaari lamang maging handa. Ito ang mga impormasyong maaaring makatulong:

- Maghanda ng baseng gamit para sa pagkawala ng kuryente. Isama and mga sumusunod: "flashlight," de-bateryang radyo, kumot, posporo at baterya. Iwasan ang anumang bagay na bukas na apoy gaya ng kandila.
- Kung ikaw ay nawalan ng kuryente, suriin ang iyong "circuit breaker" para sa sumabog na fuse o bukas na "breaker." At suriin din kung saan konektado ang serbis sa iyong bahay para sa anumang sira.
- Kung ang iyong koneksyon sa serbis ay napinsala, tumawag sa iyong tagapaglingkod para sa impormasyon. Tumawag sa telepono **(206) 615-0600** para sa serbisyo sa hilaga ng Denny Way at **(206)386-4200** para sa serbisyo sa timog ng Denny Way. Ang "City Light" ay di nag-aayos ng kagamitang pag-aari ng tagatangkilik. Mga lisensyadong taga-ayos ng kuryente lamang ang maaaring magsagawa ng trabahong pang-kuryente.
- Kung ikaw ay naghihinala sa pagkawala ng kuryente, mayroon kaming Inggles lamang na telepono para sa kawalan sa telepono **(206) 684-7400** kung saan maaaring marinig ang mensahe ng nalalamang lokasyon ng kawalan. Maaaring isumbong ang iyong kawalan kung ito ay di pa nabanggit sa nasabing mensahe. Mula Lunes – Biyernes mula 7:30 ng umaga hanggang 6 ng hapon. Maaaring tumawag sa telepono **(206) 684-3000** at makipag-usap sa tagapaglingkod. Kung ikaw ay di marunong mag-Inggles, humingi ng tagapag-salin ng salita.
- Huwag masyadong gamitin ang mainit na tubig. Karamihan ng pang-painit ng tubig ay mapananatiling mainit ang tubig hanggang tatlong araw.
- Ang pagkain ay ligtas hanggang anim na oras sa "refrigerators" at dalawang araw sa "freezers" kung ang pinto ay pananatiliing nakasara. Kung sa tingin mo'y bulok ang pagkain, huwag itong kainin.
- Magkaroon ng "corded phone" o "cell phone" na maaaring magamit. Ang mga "cordless phones" ay di maaaring gumana kung walang kuryente.

Ang Kaligtasan ang Pinaka-importante

- Ang putol at mababang linya ng kuryente ay sobrang delikado. Lumayo ng mahigit kumulang sampung pulgada kasama ang anumang bagay na iyong bitbit.
- Iwasan ang "carbon monoxide gas," na di nakikita, walang amoy at maaaring mabilis na makamatay. Huwag na huwag gumamit o magbukas ng anumang kagamitang de-gasul o gasolina at magsindi ng uling sa loob ng bahay, garahe o saradong kwarto. Gumamit lamang ng "generator" sa labas, malayo sa bukas na bintana at labasan ng hangin. Huwag na huwag gumamit ng de-gas na lutuan upang painitin ang iyong bahay. Matuto sa www.metrokc.gov/health/disaster/carbon-monoxide o tumawag sa telepono **(206) 296-4600**. Ang mga impormasyong pangkaligtasan ay isinalin sa iba't ibang salita, at maaaring makita sa iba't ibang pamamaraan.



(Pinadami sa permiso ng Public Health – Seattle and King County)

- Ang mga tagatangkilik na umaasa lamang sa di-kuryenteng "life-support" na kagamitan ay dapat na mag-rehistro sa City Light. Para sa iba pang impormasyon at tulong, tumawag sa telepono **(206) 684-3020**. Kinakailangang magkaroon ng "emergency" gamit na maaaring gamitin sa panahon walang kuryente, matutong gamitin ito at subukan ng madalas.

Para sa iba pang impormasyon, magtungo sa www.seattle.gov/light.

LIGHT

READING

c u s t o m e r n e w s l e t t e r

Kontak sa Pagbayad ng Singil

Napagkasunduang singil at impormasyon: (206) 684-3000.

Para sa Pipi at Bingi: (206) 233-7241. Tumawag agad kung sa tingin mo ay may mali sa iyong singil o kung di ka makakabayad bago ang itinakdang panahon. Mayroong tagapag-salin ng salita mula sa Inggles sa iyong nais na salita. Ang online na impormasyon ay makikita sa www.seattle.gov/light/accounts/.

Ang mga sumusunod na Paraan ng Pagbayad ay Libre:

Automatic Bill Payment: (206) 733-9100 o www2.seattle.gov/html/citizen/ach/. Kusang ibabawas ang iyong bayad mula sa iyong "checking account" sa itinakdang petsa.

Budget Billing Plan: (206) 684-3345. Ito ay para sa mga tirahan at maliit na tagatangkilik ng serbisyo na may kakulangang mahigit kumulang \$100. Ang singil ay ka-kalkulahin sa pamamagitan ng paghahati ng nakalipas na singil sa kuryente sa hulug-hulugang bayad, na maaaring gawin sa loob ng 12 na buwan. Ito ay ka-kalkulahin taun-taon.

E-Payment: (866) 873-0944 o www.seattle.gov/light/accounts/onlinepayment.asp. Bayaran ang singil sa pamamagitan ng napiling "credit o debit cards" online o sa telepono. Maaari ring magbayad ng "E-checks".

Ang sumusunod na tulong sa pagbabayad ay batay sa Kinikita:

Discounted rates: (206) 684-0268; para sa natanggap na may mababang kita buwan-buwan

Emergency Low-Income Assistance: (206) 684-3688; isang beses sa loob ng isang taon na tulong.

Federal Home-Heating Assistance: (800) 348-7144; "federal funds" ipinagkakaloob sa mga taong nauna mula Nobyembre hanggang Hunyo.

Project Share: (206) 684-3000; tulong pang-emergency para sa tanggap na kita ng tagatangkilik na nahaharap sa krisis sa pera, at nakatanggap ng babala mula sa City Light na sila ay puputulan ng kuryente.

Kinakailangang Tulong: *Isumbong ang sirang ilaw sa kalsada.*

Tumawag sa telepono **(206) 684-7056** upang isumbong ang sirang ilaw sa kalsada o magpasa ng onlinena ulat sa www.seattle.gov/light/streetlight. Kailangan naming malaman:

- Ang dilaw na numero sa poste ay nakalagay sa poste ng ilaw sa kalsada;
- Ang kumpletong numero ng gusali na pinakamalapit sa ilaw sa kalsada;
- Bahagyang paliwanag ng problema.

17- araw ng trabaho ang aming kinakailangan upang maayos ang mga nasira.

Salamat